Tagalog

Women with Disabilities Australia (Kababaihang may Kapansanan Australya)



Aklat 4

Ang Pakikipagtalik at ang Iyong Katawan

WOMEN WITH DISABILITIES AUSTRALIA (WWDA)

Nasa panganib ngayon

Tumawag sa **000**

Kami ang Women with Disabilities Australia. Isusulat namin ang mga titik na **WWDA** kapag nag-uusap tayo tungkol sa amin.



Aklat 4

Ang aklat na ito ay tungkol sa **pakikipagtalik at ang iyong katawan**.

Ang aklat na ito ay para sa mga kababaihan at mga batang babae na may **kapansanan**.

Alamin ang tungkol sa kapansanan sa aklat na ito **Mga bagong salita.** .

Ang iyong mga karapatang pangkalusugan

Ikaw ay may karapatang pumili ng iyong doktor.

Ikaw ay may karapatang gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa iyong katawan.

Ikaw ay may karapatang tumanggi sa gamot na hindi mo gusto.



Mga serbisyong pangkalusugan

Ikaw ay may karapatang makaabot sa pangkalusugang pangangalaga na kailangan mo. Gaya ng



• Pag-screen ng suso at mga pagsusuri



- mga appointment sa doktor at mga pap smear

- mga pagpapa-ospital at operasyon.

Karapatang makipagtalik



Ikaw ay may karapatang pumili **kung sino ang mamahalin mo.**

Ikaw ay may karapatang makipagtalik.

Ikaw ay may karapatang humindi sa pakikipagtalik.



Kontrasepsyon

Ang kontrasepsyon ay mga bagay-bagay na iyong ginagamit o ginagawa upang mapigilang magkasakit o mabuntis kapag ikaw ay nakipagtalik.

Ikaw ay may karapatang **pumili** ng kontrasepsyon. Gaya ng



- mga kondom \



- mga pildoras



- iniiniksyong implant.

Ikaw ay maaring kumausap sa iyong doktor tungkol sa mapagpipiliang mga uri ng kontrasepsyon.

Ito ay **iyong pagpapasya!**

Pagbubuntis at mga Pagpapasya

Kung ikaw ay nabuntis, ikaw ay may karapatang **magpasya kung ano ang gagawin.**

Maaari mong ipanganak ang sanggol at maging isang magulang.

Ikaw ay maaaring magpalaglag (abortion). Ibig sabihin nito ay hihinto ang iyong pagbubuntis.



Maaari mong ipanganak ang sanggol at ipaampon ito. Ibig sabihin ay ibibigay mo ang sanggol sa ibang pamilya na mag-aalaga dito.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nararapat na:

- sumuporta sa mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan upang makagawa ng sarili nilang pagpapasya tungkol sa kalusugan at pakikipagtalik



- magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa pakikipagtalik at kalusugan.



- tiyaking maaari mong maabot ang mga serbisyong pangkalusugan na kailangan mo.

Upang marami pang malaman

Maaari kang makipag-usap sa

- isang kaibigan
- isang miyembro ng pamilya

- isang doctor

- iyong lokal na **serbisyo ng Family Planning (Pagpaplano ng Pamilya)**.

  Pumunta sa **website ng Family Planning Alliance Australia** sa familyplanningallianceaustralia.org.au/services/

Maaari mong gamitin ang **National Relay service**

kapag tumatawag ka sa isang serbisyo Tawagan

ang numerong	1800 555 677
TTY	133 677
Hilingin ang numerong	1800 737 732

Kailangan ng tagasaling-wika

Tawagan ang numerong 131 450

Hilingin ang numerong 1800 737 732.

Salamat

Sino ang sumulat ng aklat na ito?

Ang Kababaihan na may Kapansanan Australya ang sumulat ng aklat na ito noong 2019.

Ang aklat na ito ay para sa pangkalahatang edukasyon at impormasyon lamang.

Pag-aari ng akda

© Pag-aari ng akda

Women With Disabilities Australia (WWDA) Inc. 2019

Lahat ng mga karapatan sa intelektuwal na pag-aari, kabilang ang pag-aari ng akda at mga patente, na nasa aklat na ito ay pag-aari at lisensiyado ng Women with Disabilities Australia Inc.

Salamat sa iyong donasyong salapi

Ang Pambansang Paraan ng Seguro para sa May-Kapansanan ay nagbigay ng salapi sa Women with Disabilities Australia upang tumulong mailikha ang website na ito.

Ang mga larawang ginamit sa papel-kaalamang ito

Easy on the I Images © 2018 Leeds at ang York Partnership NHS Foundation Trust. Ginamit nang may pahintulot.

www.easyonthei.nhs.uk